

Modyul sa Iba't Ibang Mekanismo ng Pagsulat at Pagkatuto ng mga Mag-aaral

Peteros, Julyn Mae J. ✉

Filipino Department, Koronadal National Comprehensive High School, Department of Education, Philippines
Sultan Kudarat State University, Philippines (Julynmae.pagmanoja@deped.gov.ph)

Received: 15 March 2024

Available Online: 20 October 2024

Revised: 12 October 2024

DOI: 10.5861/ijrse.2024.24015

Accepted: 20 October 2024

ISSN: 2243-7703

Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS



Abstract

This study aims to determine the effectiveness of a module on various writing mechanics through the learning level of seventh-grade students at Koronadal National Comprehensive High School. The study used an experimental design involving pre-tests and post-tests as instruments. The transmuted scores were analyzed by calculating the mean, and the z-test was used to compare the significant difference between the pre-test and post-test of the experimental group and the control group. The findings revealed that students in both groups had little knowledge about writing mechanics in the pre-test, but in the post-test, the experimental group achieved a satisfactory level of learning using the module, while the control group remained below expectations with traditional teaching methods. It was proven that the module on various writing mechanics is effective in improving students' writing skills. Thus, it is recommended that the module on various writing mechanics focusing on spelling, uppercase and lowercase letters, punctuation, spacing and indentation be used in teaching writing skills as an instructional tool for seventh-grade students in schools.

Keywords: writing mechanics, spelling, learning level, module, effectiveness

Modyul sa Iba't Ibang Mekanismo ng Pagsulat at Pagkatuto ng mga Mag-aaral

1. Abstrak

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong malaman ang kabisaan ng modyul sa iba't ibang mekanismo ng pagsulat sa pamamagitan ng antas ng pagkatuto ng mag-aaral sa ikapitong baitang ng Koronadal National Comprehensive High School taong panuruan 2021-2022. Upang maisakatuparan ang layunin, ginamitan ng disenyong eksperimental ang pag-aaral na sangkot ang mga instrumentong pauna at pangwakas na pagsusulit. Inalam ang transmuted iskor sa pamamagitan ng pagkuha ng mean at z-test naman ang ginamit upang ihambing ang makabuluhang pagkakaiba ng pauna at pangwakas na pagsusulit ng grupong eksperimental at grupong kontrolado. Natuklasan na kaunti lang ang kaalaman ng mag-aaral sa parehong grupo tungkol sa mekanismo ng pagsulat sa isinagawang paunang pagsusulit ngunit sa pangwakas na pagsusulit ay nagkaroon ng kasiyang—siyang antas ng pagkatuto ang eksperimental na grupo gamit ang modyul samantalang ang kontroladong grupo ay nanatiling hindi umabot sa ekspektasyon ang pagkatuto gamit ang kinagawiang pagtuturo. Napatunayan na ang modyul sa iba't ibang mekanismo ng pagsulat ay may kabuluhan sa pag-angat ng kasanayang pagsulat ng mag-aaral. Kaya, nirerekomenda na gamitin ang modyul sa iba't ibang mekanismo ng pagsulat na nakatuon sa pagbabaybay, malaki at maliit na titik, mga bantas, palugit at indensyon sa pagtuturo ng kasanayang pagsulat sa mga paaralan bilang isang kagamitan pampagkatuto ng mag-aaral sa ikapitong baitang.

2. Panimula

Sa nakalipas na taon sa pagtuturo ng ikapitong baitang, laging napupuna ng mga guro ang pare-parehong suliranin sa tuwing nagpapagawa ng sulatin. Maliban sa kawalan ng kahasaan sa teknikal na bahagi ng pagsusulat, lohikal at gramatika, ang iba't ibang mekanismo ng pagsulat ang pangunahing kasanayang dapat matutunan ng mag-aaral sa mababang paaralan. Sa mga gurong nagtuturo ng kasanayang ito, ay may malaking hamon na dapat gampanan sa tuwing ginagawa ang pagtatama ng mga sulatin. Dagdag pa nito ay ang kakulangan sa aklat, walang aklat sa sekundarya ng pampublikong paaralan ang nagpapahayag ng gabay o tuntunin sa wastong pagbabaybay, pagbabantas, malaki at maliit na titik, palugit at indensyon na ayon sa nakasaad sa makabagong ortograpiya ng Komisyon ng Wikang Filipino (KWF) na tunguhing linangin at pagyamanin ang ating wika. Ang modyul sa pagtuturo ng pagsulat sa iba't ibang mekanismo na batay sa makabagong ortograpiyang Filipino ay isang interbensiyong gawain na matugunan ang kakulangan sa kagamitang pampagtuturo na nakikitang suliranin ng mananaliksik sa kasalukuyang kurikulum.

Ang isang batang matatas sa wikang Filipino ay angat sa karaniwan. May kakayahan siyang makipag-ugnayan sa kahit kanino sa ating bansa. Sa pamamagitan nito, ang mag-aaral ay magkaroon ng tiwala sa sarili na maipahayag ang kanilang sariling saloobin, opinyon at ideya batay sa umiiral na paksa sa paraang pasulat na magagamit niya sa pagkamit ng kanyang pangarap at sa ugnayang globalisasyon. Sa pag-aaral ni Cabigao (2021), sa pamamagitan ng mga kasanayang pagsulat, ang mag-aaral ay epektibong magagamit ang pakikipagtalastasan sa anyong pasulat at maihanda ang kanilang sarili sa mas komplikadong anyo ng pagsulat sa mataas na antas ng edukasyon. Layunin niyang bigyang remedyasyon ang mababang antas ng pangunahing kasanayan sa pagsulat (pagsulat ng kursiba, kapitalisasyon, mga bantas, pagbabaybay at talataan) ng ikapitong baitang na mag-aaral sa asignaturang Filipino ng pampublikong paaralan sa sekundarya. Bagamat may mga pag-aaral na naisagawa ukol sa pagsulat, naganyak ang mananaliksik na magsagawa ng pag-aaral upang makatulong sa pagpapataas ng kamalayan sa gawaing pagsusulat lalo na sa mekanismo nito. Makatutulong ito sa pagpapataas ng kalidad ng edukasyon at mapayabong pa ang mga programang nakapaloob dito. Kaya ang pag-aaral na ito ay isinagawa upang mapunan ang mga kakulangan at matugunan ang mga pangangailangan sa usaping may kaugnayan sa mekanismo ng kasanayang pagsulat.

Balangkas Teoritikal - Batay sa “*cognitive behavioral modification*”, nararapat na bigyan ng teknik ng guro

ang mag-aaral upang mapamahalaan nila ang kanilang pagkatuto. Gayundin ang *operant behavior* ni B.F Skinner na ang pag-uugali ay hinuhubog at pinapanatili batay sa pagpapalakas (*reinforcement*) at parusa (punishment). Kaya, mapauunlad at maipamamalas ng mag-aaral ang pagkatuto sa pamamagitan ng pagpapahusay ng pagsulat sa iba't ibang mekanismo nito at maging daan ang kagamitang pampagtuturo gamit ang modyul bilang pagpapayamang gawain na siyang maging pagpapalakas o reinforcement sa kasanayang pagsulat.

Upang maisakatuparan ang pag-aaral sa pamamagitan ng mga nabanggit na konsepto, narito ang paradigma ng pag-aaral na makikita sa Figura 1.




Figura 1: Ang Paradigma ng Pag-aaral

Paglalahad ng Suliranin:

Ang pag-aaral ay pinamagatang “Modyul sa Iba’t Ibang Mekanismo ng Pagsulat at Pagkatuto ng Mag-aaral” ay bibigyan ng balangkas ng kaisipan upang malaman ang antas ng pagkatuto ng mag-aaral sa iba’t ibang mekanismo ng pagsulat sa ikapitong baitang ng Koronadal National Comprehensive High School.

Ninais nitong masagutan ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano ang antas ng pagkatuto sa pagsulat ng mag-aaral sa pauna at pangwakas na pagsusulit sa eksperimental na grupo batay sa pagbabaybay, malaki at maliit na titik, pagbabantas, palugit at indensyon?
2. Ano ang antas ng pagkatuto sa pagsulat ng mag-aaral sa pauna at pangwakas na pagsusulit sa kontroladong grupo batay sa pagbabaybay, malaki at maliit na titik, pagbabantas, palugit at indensyon?
3. Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng pagkatuto sa pagsulat ng mag-aaral sa pauna at pangwakas na pagsusulit?
4. Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba sa mean gain iskor ng mag-aaral sa pauna at pangwakas na pagsusulit ng eksperimental at kontroladong grupo?

Kahalagahan ng Pag-aaral - Ang adhikain ng pag-aaral na ito ay makatulong sa mag-aaral na ikapitong baitang, magbibigay ito sa kanila ng ibayong pag-unawa na magdudulot ng pagpapahalaga sa kahalagahan ng pagkakaroon ng kasanayan sa pagsulat na dumaan sa pamamaraan na dapat sundin upang maging mahusay, mabisa at kawili-wili ang pagsusulat. Sa mga guro sa Filipino, makatutulong ito upang matukoy ang epektibong dulog at estratehiyang gagamitin sa pagtuturo ng sulatin. Sa mga magulang, upang higit na masubaybayan nila ang kanilang mga anak sa kahalagahan ng kasanayan sa pagsusulat gamit ang modyul. Sila ang magbibigay suporta at gabay sa mag-aaral upang magsumikap sa tatahaking pangarap sa buhay. Sa administrasyon ng paaralan, magsisilbi itong gabay upang higit nilang malaman ang pangangailangan ng guro sa epektibong pamamaraan ng pagtuturo upang

tumaas ang kalidad ng edukasyon at pang-akademikong pagganap.

Saklaw at Limitasyon ng Pag-aaral - Ang pag-aaral na ito ay sumasaklaw sa kasanayang pagsulat ng walumpu't tatlo (83) na mga mag-aaral sa ikapitong baitang ng Koronadal National Comprehensive High School. Ito ay binubuo ng dalawang grupo, ito ay ang grupong eksperimental at grupong kontrolado. Pinili ang dalawang grupo mula sa pagtuturong online na pangkat para sa mabisang pangangalap ng mga datos at upang masubaybayan ang mga mag-aaral sa kanilang pagkatuto. Tatlumpu't pito (37) ay ang 7-Daffodils na kabilang sa eksperimental na grupo at apat na pu't anim (46) ay ang 7-Waling-Waling na kabilang naman sa kontroladong grupo. Sila ay may kabuuang bilang na walumpu't tatlo (83) na respondente ng pag-aaral. Ang pag-aaral na ito ay isinagawa upang malaman ang kabisaan ng isinagawang modyul sa pagtuturo ng iba't ibang mekanismo ng pagsulat at ang antas ng pagkatuto ng mag-aaral sa ikapitong baitang. Ang mag-aaral sa eksperimental na grupo ay isailalim sa pag-aaral sa loob ng dalawang oras sa isang linggo sa unang kwarter gamit ang interbensyong modyul. Ang mga mag-aaral sa kontroladong grupo naman ay isailalim sa kinagawiang pagtuturo.

3. Kaugnay na literatura at pag-aaral

Kaugnay na literatura at pag-aaral

Ang pagsulat ay isa sa mahalagang kasanayang dapat matutunan ng mga mag-aaral (Dhanya at Alamelu, 2019). Sa pamamagitan ng pagsusulat, maipahayag ng isang mag-aaral ang kanyang damdamin at saloobin na walang pag-aalinlangan sa kanyang sarili at sa lipunang kanyang ginagalawan ngunit ang pagsulat ay isang napakakomplikadong gawaing kaisipan na kung saan ang manunulat ay kinakailangang maipakita ang kontrol sa iba't ibang mga salik nang sabay-sabay (Durga at Rao, 2018). “Kaugnay nito, layunin ng pagtuturo ng Filipino na malinang ang kakayahang komunikatibo, replektibo, at pagpapahalagang pampanitikan ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng mga babasahin at teknolohiya tungo sa pagkakaroon ng pambansang pagkakakilanlan, kultural na literasi, at patuloy na pagkatuto upang makaagapay sa mabilis na pagbabagong nagaganap sa daigdig” (DepED K to 12 Kurikulum, 2016, p. 1).

Mabilis na lamang ang pakikipag-ugnayan sa buong mundo sa pamamagitan ng pagsulat gamit ang makabagong teknolohiya. Gayundin, ang paggamit ng guro ng mga kagamitang pampagtuturo na magagamit ng mga mag-aaral upang mabilis na maihatid ang iba't ibang kasanayan. Ang kasanayan sa pagsulat ay isa sa limang makrong kasanayan kasama ng pakikinig, pagbasa, pagsasalita, at panonood na kailangang mahasa sa mga mag-aaral ng asignaturang Filipino tungo sa mabisang paghahatid ng ideya o kaisipan gamit ang Wikang Pambansa. Sa pamamagitan ng pagsulat, naipamamalas ng mga mag-aaral ang antas ng kaniyang kahusayan sa pagsasaayos ng mga kaisipan, pagkakaroon ng malawak na talasalitaan, kaalaman sa kayarian ng wika, at lawak ng kaalaman sa paksang isinusulat (Cabigao, 2021). Samakatuwid, ang kasanayang pagsulat ay isa sa mahahalagang makrong kasanayan na dapat matutunan ng mga mag-aaral at bigyang pansin ng mga kaguruan. Kailangan ito sa pagtamo ng pamantayang pagganap na naaayon sa kompetensi ng K to 12 kurikulum sa itinakda nitong kautusang DepEd Order 8 s. 2015 bilang pagtataya sa antas ng kanilang pagkatuto. Matatamo lamang ito ng mga mag-aaral sa gabay at panuto ng guro.

Iba't ibang Salik at Estratehiya sa Pagtuturo ng Pagsulat

Ayon kay Ortiz (2017), isang kasanayan na dapat malinang sa bawat mag-aaral ang mabisang pagpapahayag ng kanyang sariling opinyon, saloobin, at ideya batay sa isang umiiral na paksa sa anyong pasulat gamit ang sariling wika. Kapag taglay ang kasanayang ito ay nahuhubog sa isang kabataan ang tiwala sa sarili sa pakikipagtalastasan. Subalit ito ay hindi nalilining dahil sa hamon ng bawat guro at mag-aaral sa pagsulat. Parehong nakararanas ang guro at mag-aaral ng suliranin kung paano ba sisimulan ang pagsusulat dahil kakulangan ng kaalaman tungkol sa teknikal na bahagi nito lalo na sa umiiral na bagong ortograpiyang Filipino. Ang kombensyunal na pagbibigay puna sa pagsusulat ay tipikal na gawain ng isang guro sa pagtuturo ng pagsulat na kung saan ang guro ay gumagamit ng error codes sa kanyang palagay at pagtugon na rin sa mga kamalian sa paraang hindi tukoy. Kung kaya, ang mga mag-aaral ay humihiwalay sa proseso ng pagbibigay-puna sa pagsusulat.

Sa ganoong uri ng pagbibigay-puna sa pagtuturo ng pagsulat ay nahuhulog sa kakulangan ng mga mag-aaral sa kasanayang pagsulat dulot ng walang interaksyon sa pagitan ng guro at ng mga mag-aaral (Alfalagg at Lee, 2020). “Bagkus, may iba’t ibang pambansang sarbey sa elementarya at sekundaryang mga guro ang naiulat na ang mga guro ay naglalaan ng kulang-kulang sa tatlung (30) minuto sa isang araw na gumaganyak sa mga mag-aaral sa pagsulat” (Gilbert & Graham, 2017). Samakatuwid, ang pagsulat ay isang napakamasalimuot na gawaing kasanayan na kailangan ng iba’t ibang salik at mahanap ang pinakaepektibong dulog upang matugunan ang mga pangangailangan ukol dito.

Gayon din sa nakaraang mga taon, malaki ang suliranin ng mga guro sa pagtuturo ng pagsulat dahil sa kakulangan ng kagamitang pampagtuturo. Walang ganoong karaming aklat na nakalimbag sa Filipino para sa pagtuturo ng pagsulat. Kung mayroon man nasa Ingles at limitado rin sa mga silid-aklatan ng malalaking unibersidad gaya ng UP, UST at DLSU” (Taruc, 2018). Gayunpaman, ang mga guro ay kilala sa pagiging malikhain at mapamaraan sa mga tuntunin sa pagtuturo. Kung kaya, ito ay masasabing mabibigyan pa rin ng solusyon ang mga suliranin ito kung bibigyan ng tuon ng mga guro, administrasyon ng paaralan at ng kagawaran bilang tugon sa pagpapalawak ng K to 12 kurikulum. “Dahil dito ang mga nilikha at kinalap na mga istrategiya ay magsisilbing karagdang paraang magagamit sa pagtuturo ng pagsulat sa Filipino upang mabigyang-solusyon ang mga nasabing suliranin” (Gutierrez, 2015).

Iba’t ibang estrategiya sa pagtuturo ng pagsulat ay naging mahalaga sa buhay ng mga guro lalo sa mga gawaing pagganap alinsunod sa kompetensi na itinakda ng Kagawaran ng Edukasyon.

Ang mga nabanggit sa itaas ay suportado sa artikulo ni Oktavia at Atmazaki et al, (2020) binanggit nila na ayon kay Mohamed (2015).

“Ang mga mag-aaral ay may iba’t ibang suliranin sa pagsulat kasama na ang gamit at mekanismong kamalian tulad ng pagbabaybay, malaki at maliit na titik, mga bantas at kakulangan sa ilan pang mga kasanayang pagsulat sa pag-unlad.” Samakatuwid, maraming nagmumungkahi ng iba’t ibang estrategiya sa pagtuturo ng pagsulat.”

Gayunpaman, nangangailangan ito ng mapanuri at angkop na pagsisiyasat sa kung ano ang pangunahing pangangailangan ng mga mag-aaral sa kasanayang pagsulat. Dagdag pa nina Oktavia at Atmazaki et al, (2020) ang paggamit ng modyul ay isang disenyo na nakapagpaunlad sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Lektyur na may kasamang paggamit ng modyul ay may kalamangan sa pagtuturo, ang modyul na nakapagbibigay ng agarang puna sa resulta ng pag-aaral ng mga mag-aaral at ang modyul na naiayos sa paraang may mga layuning malinaw, tiyak at istandardisadong pamantayan na nakamit ng mga mag-aaral. Bukod pa rito, ang modyul ay maaari ding makapagbigay-alam at magagamit ng mga lektyurer sa paglikha ng aktibo, kaaya-aya, epektibo at praktikal na proseso.

Mga Pangangailangan sa Pagsulat

Ayon kay Gloria (2021) ang pagkakaroon ng kalidad sa edukasyon ay nangangailangan ng mabusising kahandaan pagdating sa aralin. Malinang ang interaksyon sa pagitan ng mga mag-aaral at guro, magamit ang limang makrong kasanayan, pagiging epektibo ng mga estrategiya na gagamitin sa pagtuturo na nakapupukaw interes para sa mga mag-aaral kung kaya nakasalalay sa isang guro ang kahusayan ng mga mag-aaral pagdating sa kasanayang pagsulat.

Sa kabilang banda, may mga kagamitan pampagtuturo gamit ang inquiry-based ang binuo upang maging daan sa mga mag-aaral upang makamit ang mga gawain, pagkakaugnay (coherence) at pagkakaisa (cohesion), mapagkukunang leksikal, gramatikal na saklaw at katumpakan. Kaya, ang batay sa pagtatanong (inquiry based) na estrategiya sa pagtuturo ng pagsulat ay ginamit alinsunod sa mga konsepto ng pagtuturo at pang-akademikong kasanayang pagsulat (Wale at Bogale, 2021). Ito ay napatunayan na ang estratehiyang inquiry-based ay mabisa ding estratehiyang gamitin sa pagtuturo ng kasanayang pagsulat kasama ng pagbuo ng kagamitang pampagtuturo.

Ayon kay Cabigao (2021) sa pagmamarka ng mga output na sulatin, mahalaga na gumamit ng isang kagamitang pampagtataya na balido at maaasahan upang lubos na masukat ang kahusayan ng mga mag-aaral at magabayan pa sila sa lalong pagpapakahusay sa kasanayang ito. Kaya, sa pag-aaral na ito ay dapat may mabisang kagamitang pampagtataya na balido at maaasahan upang masakatuparan ang ganap na pagkatuto sa kasanayang pagsulat ng mag-aaral.

Ang bawat guro ay nag-aasam na magkaroon nang maayos na resulta ang kanilang pagtuturo sa anumang larang lalo na sa asignaturang Filipino. Ang pagkatuto nang isang mag-aaral ay nakabatay sa isang gawain na binibigyan ng isang maayos na maglalapat nang mga estratehiya na ginagawa ng guro (Sombrero, 2021). Nakasalalay sa mga guro at magulang ang pagtamo ng epektibong pagkatuto ng mag-aaral lalo na sa pagsusulat. Ang lahat ng pangangailangan sa itaas sa pagtuturo ng kasanayang pagsulat ay iugnay at maging gabay sa mga guro, magulang at mga paaralan.

Paggamit ng Malaki at Maliit na titik

“Minsan sa pagwawasto sa mga nabuong katha ng mga mag-aaral makaramdam ng pagkabigo, pag-alala at pangamba ang mananaliksik sapagkat 80% sa mga mag-aaral ay hindi maingat kung kailan gagamitin ang malaki at maliit na titik” (Sala, 2018, p. 7).

Ang pagtuturo ng wastong paggamit ng malaki at maliit na titik ay nasa kompetensi ng Ikatatlong baitang na may code na F3PU-IVd-f-4 na may layuning “Nagagamit ang malaki at maliit na letra at mga bantas sa pagsulat ng mga salitang natutunan sa aralin tulad ng mga salitang katutubo, salitang hiram at salitang dinaglat; at Nagagamit ang kaalaman sa paggamit ng malaki at maliit na letra at mga bantas sa mga pangungusap.” Ito ay nagpapatunay na naituturo ang paggamit ng wastong malaki at maliit na titik sa elementarya ngunit may ilang mag-aaral pa rin sa hayskol ang hindi nagagamit ang kawastuhan nito. Kaya mainam na ibalik sa hayskol ang pagtuturo nito lalo na sa ikapitong baitang.

Pagbabaybay

Kinakailangan na paghandaan ang anumang pagbabagong magaganap sa wika, dulot ng pagbabagong ito ang mga suliranin sa pagbabaybay sa ortograpiya at gramatika (Homo, 2017). Pinakatampok sa gawaing pagsulat ay ang kawastuhan sa ispelang o pagbabaybay ng mga salita. Sa mekanikal na bahagi ng sulating ito kadalasan hirap ang mga mag-aaral lalo na kapag ang mga mag-aaral ay walang kaalaman sa makabagong ortograpiya. Bilang sagot sa tunguhing ito, makatutulong ang mungkahing paggamit ng kagamitang pampagtuturo na batay sa makabagong ortograpiya ng wikang Pambansa.

Ayon pa kay Cabigon (2017) ang pagbabaybay ay ang pagsusulat ng salita o mga salita sa pamamagitan ng lahat ng kinakailangan na letra sa tama nitong pagkakasunod-sunod. Ito ay isa sa mga napaka-importanteng bahagi ng isang wika. Kaya, mahalaga na maituro ng guro ang mga alintuntunin sa pagbabaybay na alinsunod sa Ortograpiyang Filipino upang maiwasan ang kalituhan sa pagbabagong gamit ng mga salita dulot ng pag-unlad ng wika. Sa pamamagitan ng pagtuturo ng wastong alintuntunin sa pagbabaybay ay maituro sa mag-aaral ang wasto at tiyak na gamit ng mga salita sa pormal at di-pormal na pagkakataon.

Di-titik o bantas

Ayon sa KWF Manwal sa Masinop na Pagsulat (2014), ang mga nabanggit na pahayag ay ang sumusunod:

Binubuo ang di-titik ang mga tuldik at mga bantas. Ang tuldiko asento ay gabay sa paraan ng pagbigkas ng mga salita. Sa lingguwistika, itinuturing ang tuldik na simbolo para sa impit na tunog o kayâ sa diin o habâ ng pagbigkas. Sa abakadang Tagalog, tatlo ang pinalaganap nang tuldik: (a) ang tuldik na pahilis (´) na sumisimbolo sa diin at/o habâ, (b) ang tuldik na paiwa (ˆ), at (c) ang tuldik na pakupya (^) na sumisimbolo sa impit na tunog. Kamakailan, idinagdag ang ikaapat, ang tuldik na patuldok, kahawig ng umlautat diaeresis (¨) upang kumatawan sa tunog

na tinatawag na “schwa” sa lingguwistika. Ang bantas ay kumakatawan sa mga patlang at himig ng pagsasalita sa pagitan ng mga titik at pantig, sa pagitan ng mga salita at mga parirala, at sa pagitan ng mga pangungusap. Binubuo itong kuwit (,), tuldok (.), pananong (?), padamdang (!), tuldokkuwit (;), kudlit (’), at gitling (-). (KWF Manwal sa Masinop na Pagsulat, 2014, p. 9).

Palugit at Indensyon

Ang talata ay isang serye ng mga pangungusap na magkakaugnay at nakaayos sa isang paksa. Ito rin ay nagpapakita sa mambabasa kung saan ang pasimula at pagtapos ng isang sanaysay at mauunawaan ang pangunahing ideya nito. Bawat isa sa kanila ay may istraktura at hindi random na koleksyon ng mga pangungusap. (Maestro, 2019)

Isa sa mga binibigyang-pansin sa pagsulat ay ang kabuuang ayos nito. Kung ang isang talata ay magulo ang palugit at indensyon, mapapansin ito kaagad ng isang mambabasa sapagkat tinatampok din ito kung anong uri ng awtor ang sumulat ng sulatin. Tinatampok sa talataang isusulat ang pormalidad nito, makikita ito sa mga liham. Ang mga dapat isaalang-alang sa pagsulat ng mga talata; Una, dapat na may pasok o indensyon sa pasimula ng talata. Ang pasok o indensyon ay isang pulgada mula sa palugit o margin kung sulat kamay o limang espasyo kung makinilyado. Ikalawa, Dapat din may espasyo sa gawaing kanan ng papel, hindi sagad sa dulo, kalahati ng sukat ng palugit sa gawing kaliwa hindi kasama ang pasok o indensyon. Ikatlo, sa bahaging may tuwirang sinabi, nararapat itong ihiwalay sa punong talata. Ikaapat, nababatay ang talata sa haba ng sulatin, sa kahalagahan at masalimuot ng paksa. Ikalima, Maaaring sulating isang talata ang punong kaisipan at ang haba nito ay naayon sa sumusulat sapagkat siya ang makapagpapasya sa kahalagahan ng talata kung may sigla o kilos ang kaisipang nakapaloob dito. (Padua, 2021)

Mga Kaugnay na Pag-aaral

Ayon kina Albuñan at Bartolay et al (2015) sa kanilang isinagawang disertasyon ang pagsulat ay may antas ng kasanayan: kasanayang pampag-iisip at kasanayan sa pagbuo ng talata. Kasanayang pampag-iisip ay tumutukoy sa analisis, organisasyon ng ideya at imahinasyon. Ang kasanayan sa pagbuo ng talata ay tumutukoy naman sa palugit at indensyon, pagbabaybay, pagbabantas at paggamit ng malalaki at maliliit na titik. Dahil dito, papaigtingin pa ng mananaliksik ang pag-aaral sa pamamagitan lamang ng kasanayan sa pagbuo ng talata gamit ang kanyang modyul sa iba't ibang mekanismo ng pagsulat na nakatuon sa wastong pagbabaybay, pagbabantas, paggamit ng malaki at maliit na titik, palugit at indentasyon dahil ito ang nakikita niyang suliranin sa kasalukuyan lalo na sa ikapitong baitang.

Bagamat may mga pag-aaral ukol dito may ilan ding pag-aaral na nakatuon lamang sa isang mekanismo tulad ng pagbabaybay ni Homo et al. (2017) ang kakulangan ng kaalaman ng mga mag-aaral sa linggwistikong Filipino at maling pagbigkas ay mga dahilan sa maling pagbaybay. Ang pag-aaral ay tungkol sa mga suliraning kinakaharap ng mga mag-aaral sa sekondarya. Katulad din sa pag-aaral ni Van Dijk et al. (2016) na tunguhing malaman ang impluwensya ng paggamit ng textese o pagpapaikli ng mga salita sa gramatika ngunit napatunayan na ang paggamit ng textese ay may positibong nakakaapekto sa pagbabaybay at gramatika ng mga mag-aaral. Ang pagtuturo ng pagbabaybay ay kailangang paigtingan pa ang mga gawain o interbensyon ukol dito gamit ang mga dulog at kagamitang pampagtuturo sapagkat nakitaan ito ng mga suliraning kinakaharap ng mga paaralan lalo na sa pag-aaral ng wika.

Sa mga pag-aaral na ito humugot ng inspirasyon ang mananaliksik upang mas lalong mabigyang solusyon ang kasalukuyang suliranin ng mga mag-aaral hinggil sa wastong pagbabaybay nang naayon sa kasalukuyang alintuntunin ng ortograpiyang Filipino.

Suliranin ng mga Guro at Ang Iba't Ibang Estratehiya sa Pagtuturo

May ilang mga pag-aaral ang nakatuon sa iba't ibang estratehiya sa pagtuturo ng pagsulat. Ayon kina Hoogeveen at Gelderen (2015) ang pagtuturo ng tiyak na genre ng kaalaman ay mahalaga bilang dagdag sa pagsulat

kasama ang tugon ng kapwa mag-aaral. Mahalagang pamahalaan ng guro ang pagtuturo ng pagsulat at ang pagbibigay sa sarili ng mga tuntunin na magagamit sa pagtuturo. Mga panukalang solusyon tulad ng pagpapalawak ng kaalaman ng mga guro sa ortograpiyang Filipino ay kailangan din.

Sa ginawang pag-aaral ni Homo (2017), ay nagkaroon ng kongklusyon na “ang lawak ng kaalaman ng mga guro sa ortograpiyang Filipino ay di-gaanong mahusay.” Sa kanyang pag-aaral ay nagkaroon ng walang kaugnayan ang kasarian, posisyon, pinakamataas na pinag – aralan, medyor, haba ng panahon sa pagtuturo ng Filipino at pagsasanay na dinaluhan sa lawak ng kaalaman ng mga guro sa ortograpiyang Filipino. Dagdag pa niya na may mga suliraning kinakaharap ang mga guro na nagtuturo sa Filipino tungkol sa ortograpiyang Filipino. Sa inilahad na resulta, ito ang naging pangunahing tunguhin ng mananaliksik, ang pag-aaral tungkol sa pagsulat na batay sa makabagong ortograpiyang Filipino na maglalahad ng mga tuntunin sa wastong paggamit ng pagbabaybay, malaki at maliit na titik, mga bantas, palugit at indensyon na maging batayan sa pag-aaral at pagsagawa ng mananaliksik ng kagamitang pampagtuturo na magagamit ng mga kapwa niya guro upang makatulong sa kanilang pagtuturo. Matapos ang nakalipas na sampung taon, ay binabago ng KWF ang kanilang alintuntunin sa ortograpiyang Filipino. Kung kaya, mainam na malaman ng mga kaguruan ang hinggil sa bagong ortograpiyang Filipino upang makasabay sila sa pagbabago ng wika ayon sa singaw ng panahon.

Pagpapayamang gawain at Modyul

Ayon kay Homedan et al. (2021) sinasabing naging mas epektibo ang pagbibigay ng pagpapayamang gawain kaysa nakasanayang tradisyunal na pagtuturo. Ang kongklusyon ng kanyang pag-aaral ay nagmumungkahing ang akademikong kurikulum ay isaalang-alang at sumasaklaw sa kasaganahan ng impormasyon, hikayatin ang napakalaking paggamit ng umuunlad na teknolohiya at ang pagpapatuloy ng pagbabago sa mga proseso. Sinuportahan pa ito ni Alzoubi (2014) na ang kahalagahan ng pagpapayamang gawain ay may epekto sa akademikong pag-unlad ng mga mag-aaral na may likas na talino at kasanayan. Ang modyul ay isang kagamitang dinisenyo upang iganyak ang mag-aaral sa pag-aaral, mapaunlad ang kanilang meta-cognitive na kakayahan at matulungan ang mga mag-aaral sa pagkumpleto ng mga hinihinging gawain.

Ang sumusunod ay hakbang sa pagsasagawa ng modyul sa ginabayang natuklasan pagkatutong dulong. Mga suhestyon sa mga hakbang sa pagsagawa ng modyul ay ang sumusunod: natutukoy ang pangangailangan ng mga mag-aaral. Kapag didisenyo ng burador na modyul, ang mananaliksik ay dapat tukuyin ang pangangailangan ng mga mag-aaral upang mapayaman ang kanilang mapagkukunang impormasyon at matulungan sila upang maunawaan ang araling materyal nang mabuti. Sa gayon, ang mga mag-aaral din ay magkaroon ng halimbawa ng positibong karakter at maging aktibo sa proseso ng pagtalakay at may kakayahang makiangkop sa mga gawain, masalimuot man o madali. May kakayahang magkaroon ng paunang pagpili sa mga prinsipyo na dapat iugnay, konseptwal na pag-unawa at paglalahat na kailangang matutunan sa isang gawain. Sa pagsulat ng modyul, kinakailangang bigyang-pansin ang wastong konsepto at ang mabisang representasyon upang sa gayon ay madaling maunawaan ng mga mag-aaral (Oktavia at Atmazaki et al, 2020)

Ang mga nabanggit ay may kaugnayan sa pag-aaral na isinagawa ng mananaliksik. Ang mga nasabing pag-aaral ay nais bigyang pansin ang antas ng kasanayan sa pagsulat ng sulatin ang mga mag-aaral sa ikapitong baitang. Ang pagkakaiba ng pag-aaral ay hindi layuning tukuyin ang kasanayang pangkaisipan tulad ng analisis, organisasyon ng ideya at imahinasyon. Ang pag-aaral ay nakatuon lamang sa kasanayang pagsulat ng talata na nakatuon sa kayarian o mekanismo ng pagsulat. Ito ay ang wastong pagbabaybay, wastong gamit ng malaki at maliit na titik, wastong gamit ng mga bantas, wastong palugit at indensyon.

Naniniwala ang mananaliksik na sa pamamagitan ng modyul sa pagtuturo ng kasanayang pagsulat ay mapamahalaan ng guro ang pagkatuto ng kanyang mag-aaral batay sa nabuong kagamitang pampagtuturo. Pinatunayan ito sa pag-aaral ni Sandoval (2015) na may malaking naitulong ang paggamit ng mga interbensyon katulad ng factsheets at workbook at mga motibasyon ng guro upang maging positibo ang pagtanggap ng mga mag-aaral sa isang asignatura.

4. Metodolohiya

Disenyo ng Pag-aaral - Ang pag-aaral ay gumamit ng disenyong eksperimental na sangkot ang instrumentong pauna at pangwakas na pagsusulit upang malaman ang antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral gamit ang modyul sa iba't ibang mekanismo ng pagsulat na nakatuon sa pagbabaybay, malaki at maliit na titik, mga bantas, palugit at indensyon. Ang eksperimental na grupo ay ginamitan ng modyul sa iba't ibang mekanismo ng pagsulat bilang pagpapayamang gawain sa ikapitong baitang at ang kontroladong grupo naman ay ginamitan ng kinagawiang pagtuturo na ayon sa kurikulum at kompetensi ng ikapitong baitang. Ginamit din ang disenyong deskriptib-ebalwatib sa pagsusuri ng mga instrumentong ginamit sa pangangalap ng mga datos tulad ng modyul upang mapatunayan ang kabisaan nito sa pagtuturo ng iba't ibang mekanismo ng pagsulat at ang talatanungan (pauna at pangwakas na pagsusulit). Sinuri ito ayon sa kaalaman, husay at eksperto ng mga gurong dalubhasa sa larangan ng pagtuturo ng wikang Filipino.

Lokal ng Pag-aaral - Ang pag-aaral ay isinagawa sa Koronadal National Comprehensive High School, Rizal Street, Barangay Zone IV, Lungsod ng Koronadal. Kabilang sa kalahok ang mag-aaral mula sa ikapitong baitang, taong panuruan 2021-2022 ng paaralan.

Respondente ng Pag-aaral - Ang respondente ng pag-aaral ay ang mga piling mag-aaral ng Ikapitong Baitang ng Koronadal National Comprehensive High School sa taong panuruan 2021-2022. Ang pangkat ng mag-aaral ng paaralan ay may kabilang sa pagtuturong online na pangkat at modular na pangkat na may bilang na tatlumpu (30) pataas na mag-aaral. Mula sa mga pangkat ng mag-aaral ay may napiling dalawang pangkat na kinakatawan ng grupong eksperimental at grupong kontrolado na sinubok ang antas ng pagkatuto sa iba't ibang mekanismo ng pagsulat gamit ang modyul sa kasanayang pagsulat bilang interbensiyong gawain at kinagawiang pagtuturo ng pagsulat. Ang dalawang grupo na ito ng mag-aaral ay magkaiba ang akademikong pagganap, intelektwal na kasanayan, kakayahan, istilo ng pagkatuto, kaugalian, pagtugon pati na ang sosyo-ekonomiko at kultural na kalagayan na parehong ginanyak at binigyan ng pagkakataon na matuto sa loob ng klase.

Samplang Teknik - Ginamit ang simpleng random sampling upang mabigyan ng pagkakataon ang lahat ng mag-aaral ng ikapitong baitang na mapili at mapasailalim sa pagsubok ng pagtataya sa kasanayang pagsulat. Sa pamamagitan nito, nalaman kung sino sa limang pu't (50) pangkat ng paaralan ang grupong kontrolado at grupong eksperimental sa pamamagitan ng *spin the wheel* teknik.

Istatistikal Tritment - Ginamit sa pag-aaral na ito ang iskor sa pauna at pangwakas na pagsusulit para malaman ang antas ng pagkatuto ng mag-aaral sa eksperimental na grupo at kontroladong grupo. Sa unang suliranin, ginamit ng mananaliksik ang mean, standard deviation at transmuted iskor sa pagkuha ng antas ng pagkatuto ng mag-aaral sa pauna at pangwakas na pagsusulit ng eksperimental na grupo. Sa ikalawang suliranin, ginamit din ng mananaliksik ang mean, standard deviation at transmuted iskor sa pagkuha ng antas ng pagkatuto ng mag-aaral sa pauna at pangwakas na pagsusulit ng kontroladong grupo. Sa pag-alam ng antas ng pagkatuto, ay iniakma sa pamantayan ng pagpupuntos na isinaad sa Deped Order 8 s., 2015 na nasa talahanayan 1.

Talahanayan 1

Pamantayan sa Puntos ng Pagkatuto

Transmuted Score	Deskriptib na Reyting
90-100	Namumukod
85-89	Napakakasiya-siya
80-84	Kasiya-siya
75-79	May Pagkakasiya-siya
Mababa sa 75	Hindi Umabot sa Ekspektasyon

Sa ikatlong suliranin, ginamit ang Z-test para ihambing ang dalawang mean na nakuhang iskor sa pauna at pangwakas na pagsusulit ng grupong eksperimental at grupong kontrolado upang malaman ang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kanilang pagkatuto. Sa ikaapat na suliranin, ginamit din ang Z-test sa pagtukoy ng makabuluhang pagkakaiba ng mean gain iskor ng grupong eksperimental at grupong kontrolado.

5. Resulta at diskusyon

Iskor na Nakuha sa Paunang Pagsusulit

Makikita sa Talahanayan 2 ang antas ng pagkatuto ng mag-aaral sa paunang pagsusulit ng grupong eksperimental.

Talahanayan 2

Antas ng Pagkatuto sa Pagsulat ng Mag-aaral na Pagsusulit sa Eksperimental na Grupo

Mekanismo ng Pagsulat	Mean	Standard Deviation	Transmuted Score	Berbal na Deskripsyon
Pagbabaybay	5	1.91	68	Hindi Umabot sa Ekspektasyon
Malaki at Maliit na titik	3.54	1.56	68	Hindi Umabot sa Ekspektasyon
Mga Bantas	4.81	1.75	68	Hindi Umabot sa Ekspektasyon
Palugit at Indensiyon	3.24	1.74	68	Hindi Umabot sa Ekspektasyon
Grand Mean	16.59	1.74	68	Hindi Umabot sa Ekspektasyon

Batay sa resulta, ang antas ng pagkatuto ng eksperimental na grupo sa kanilang paunang pagsusulit tungkol sa mekanismo ng pagsulat tulad ng pagbabaybay na may mean na 5.00, standard deviation na 1.91, transmuted iskor na 68. Sa malaki at maliit na titik na may mean na 3.54, standard deviation na 1.56 at transmuted iskor na 68. Sa mga bantas na may mean na 4.81, standard deviation na 1.76 at transmuted iskor na 68. Sa palugit at indensiyon na may mean na 3.24, standard deviation na 1.74 at transmuted iskor na 68. Ang mga datos ay nagpapakita na napakababa ng nakuhang iskor ng mag-aaral na may *grand mean* na 16.59, *standard deviation* na 1.74 at transmuted iskor na 68. Ang resulta ay pawang my deskripsyon na hindi umabot sa ekspektasyon ang antas ng pagkatuto ng mag-aaral sa grupong eksperimental sa kanilang paunang pagsusulit. Ito ay nangangahulugang walang kaalaman pagdating sa mekanismo ng pagsulat ang mag-aaral sa grupong eksperimental at nangangailangan ng pagpapayaman gawain na nakatuon sa pag-alam ng iba't ibang mekanismo ng pagsulat tulad ng pagbabaybay, malaki at maliit na titik, mga bantas, palugit at indensiyon.

Iskor na Nakuha sa Pangwakas na Pagsusulit ng Eksperimental na Grupo

Inilahad sa talahayan 3 ang antas ng pagkatuto ng mag-aaral sa paunang pagsusulit ng grupong eksperimental.

Talahanayan 3

Antas ng Pagkatuto sa Pagsulat ng Pangwakas na Pagsusulit ng Eksperimental na Grupo

Mekanismo ng Pagsulat	Mean	Standard Deviation	Transmuted Score	Berbal na Deskripsyon
Pagbabaybay	8.38	2.18	73	Hindi Umabot sa Ekspektasyon
Malaki at Maliit na titik	8	1.84	88	Napakasiya-siya
Mga Bantas	10.62	1.55	81	Kasiya-siya
Palugit at Indensiyon	7.16	1.99	82	Kasiya-siya
Grand Mean	34.16	5.01	80	Kasiya-siya

Ang iskor sa pagbabaybay ay hindi umabot sa ekspektasyon na may mean na 8.38, standard deviation na 2.18 at transmuted iskor na 73. Batay sa resulta, mas lalo pang pagtuunan ng pansin ng mga guro ang tungkol sa pagtuturo ng wastong pagbabaybay sa pagsulat sapagkat nakitaan na kaunti lang ang kaalaman ng mag-aaral ukol dito at nangangailangan pa ng sapat na panahon para sa puspasang remedyasyon. Ito ay maging batayan upang pagtuunan ng pansin ng mga mananaliksik sa hinaharap, ang mga salik na nakaaapekto sa antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral tungkol sa pagbabaybay. Ang antas ng pagkatuto naman sa malaki at maliit na titik ay napakasiyasiya na may mean na 8.00, standard deviation na 1.84 at transmuted iskor na 88. Sa mga bantas ay kasiya-siya na may mean na 10.62, standard deviation na 1.55 at transmuted iskor na 80. Sa Palugit at Indensiyon ay napakasiya-siya na may mean na 7.16, standard deviation na 1.99 at transmuted iskor na 81.

Sa kabuuang resulta ipinapakita na may kasiya-siyang antas ng pagkatuto ang eksperimental na grupo na may grand mean na 34.16, standard deviation na 5.01 at transmuted iskor na 80. Nangangahulugan lamang ito na mas malaki. Masasabi na ang resulta ng isinagawang interbensiyong gawain gamit ang modyul sa iba't ibang

mekanismo ng pagsulat ay nakatulong nang malaki sa mag-aaral ng grupong eksperimental upang mapataas ang antas ng kanilang pagkatuto. Ayon sa datos mas natuto ang grupong eksperimental na may deskripsyong “Napakakasiya-siya” sa wastong gamit ng malaki at maliit na titik kung ihahambing sa iba pang mekanismo ng pagsulat.

Talahanayan 4

Antas ng Pagkatuto sa Pagsulat ng Paunang Pagsusulit ng Kontroladong Grupo

Mekanismo ng Pagsulat	Mean	Standard Deviation	Transmuted Score	Berbal na Deskripsyon
Pagbabaybay	6.72	2.14	71	Hindi Umabot sa ekspektasyon
Malaki at Maliit na titik	3.89	2.64	69	Hindi Umabot sa ekspektasyon
Mga Bantas	4.07	1.96	66	Hindi Umabot sa ekspektasyon
Palugit at Indensiyon	2.63	1.79	66	Hindi Umabot sa ekspektasyon
Grand Mean	17.3	6.57	68	Hindi Umabot sa ekspektasyon

Batay sa resulta ng paunang pagsusulit, makikita na ang nakuhang iskor ng kontroladong grupo sa iba't ibang mekanismo ng pagsulat ay pawang hindi umabot sa ekspektasyon tulad ng pagbabaybay na may *mean* na 6.72, *standard deviation* na 2.17, *transmuted* iskor na 66 gayundin sa malaki at maliit na titik na may *mean* na 3.89, *standard deviation* na 2.64, *transmuted* iskor na 66 pareho rin sa mga bantas na may *mean* na 4.07, *standard deviation* na 1.96 at *transmuted* iskor na 66 samantalang sa palugit at indensiyon naman ay may *mean* na 2.63, *standard deviation* na 1.79 at *transmuted* iskor na 66.

Sa kabuuang resulta, ang iba't ibang mekanismo ng pagsulat sa paunang pagsusulit ay nagkaroon ng deskripsyon na hindi umabot sa ekspektasyon na may *grand mean* na 17.30, *standard deviation* na 2.16 at *transmuted* iskor na 68. Nagsasaad na kaunti lang ang kaalaman ng kontroladong grupo pagdating sa iba't ibang mekanismo ng pagsulat sa isinagawang paunang pagsusulit.

Iskor na Nakuha sa Pangwakas na Pagsusulit ng Kontroladong Grupo

Inilahad sa talahanayan 5 sa ibaba ang antas ng pagkatuto ng mag-aaral sa pangwakas na pagsusulit ng kontroladong grupo.

Talahanayan 5

Antas ng Pagkatuto sa Pagsulat ng Mag-aaral sa Pangwakas na Pagsusulit ng Kontroladong Grupo

Mekanismo ng Pagsulat	Mean	Standard Deviation	Transmuted Score	Berbal na Deskripsyon
Pagbabaybay	7.20	2.35	72.00	Hindi Umabot sa ekspektasyon
Malaki at Maliit na titik	6.33	2.70	77.00	May Pagkasiya-siya
Mga Bantas	5.24	1.82	68.00	Hindi Umabot sa ekspektasyon
Palugit at Indensiyon	4.46	1.89	71.00	Hindi Umabot sa ekspektasyon
Grand Mean	23.22	6.01	71.00	Hindi Umabot sa ekspektasyon

Batay sa resulta, natuklasan sa bahaging malaki at maliit na titik ay nagkaroon ito ng pagkasiya-siyang resulta na may *grand mean* na 6.33, *standard deviation* na 2.70 at *transmuted* iskor na 77. Ito ay nangangahulugang may pagkatuto sa bahaging malaki at maliit na titik sa mekanismo ng pagsulatang kontroladong grupo at pumasa sa pamantayan ng DepEd Order 8 s.,2015 kaysa sa iba pang mekanismo ng pagsulat na pawang hindi umabot sa ekspektasyon tulad ng pagbabaybay na may *mean* na 7.20, *standard deviation* na 2.35 at *transmuted* iskor na 72 gayundin sa mga bantas na may *mean* na 5.24, *standard deviation* na 1.82 at *transmuted* iskor na 68 samantalang sa palugit at indensiyon ay may *mean* na 4.46, *standard deviation* na 1.89 at *transmuted* iskor na 71.

Bagaman, may pagkasiya-siyang nakuha sa wastong paggamit ng malaki at maliit na titik ang kontroladong grupo ay hindi pa rin naging sapat ito upang sabihing naabot ng kontroladong grupo ang antas ng pagkatuto sa mekanismo ng pagsulat sa pangwakas na pagsusulit sapagkat makikita sa kabuuang resulta na hindi umabot sa ekspektasyon ang kanilang nakuhang iskor na may *grand mean* na 23.22, *standard deviation* na 6.01 at *transmuted* iskor na 71 ngunit natuklasan na mas mataas ang nakuhang mean sa pangwakas na pagsusulit ng kontroladong grupo kaysa sa kanilang paunang pagsusulit.

Makabuluhang Pagkakaiba sa Antas ng Pagkatuto sa Pagsulat ng Mag-aaral sa Pauna at Pangwakas na Pagsusulit

Makikita sa talahanayan 6 at 7 ang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng pagkatuto sa pagsulat ng mag-aaral sa pauna at pangwakas na pagsusulit ng grupong eksperimental at grupong kontrolado.

Talahanayan 6

Pagkakaiba sa Antas ng Pagkatuto sa Mekanismo ng Pagsulat ng mga Mag-aaral sa Pauna at Pangwakas na Pagsusulit ng Eksperimental na Grupo

Mean				
Mekanismo ng Pagsulat	Pauna	Pangwakas	Difference	Z-comp
Pagbabaybay	5.00	8.38	3.38	10.16*
Malaki at Maliit na titik	3.54	8.00	4.46	14.71*
Mga Bantas	4.81	10.62	5.81	19.46*
Palugit at Indensyon	3.24	7.16	3.92	12.34*
Grand Mean	16.59	34.16	17.57	37.14*

Note: *z-tabular @0.05=1.96

Ipinapakita ng talahanayan 6, ang eksperimental na grupo ay pawang nagkaroon ng makabuluhang pagkakaiba sa antas ng pagkatuto sa pagitan ng kanilang pauna at pangwakas na pagsusulit sa iba't ibang mekanismo ng pagsulat tulad ng pagbabaybay na may mean na 5.00 sa paunang pagsusulit at mean na 8.38 sa pangwakas na pagsusulit, ang difference ay 3.38 at ang z-comp ay 10.16, sa malaki at maliit na titik na may mean na 3.54 sa paunang pagsusulit at mean na 8.00 sa pangwakas na pagsusulit, may difference na 4.46 at ang z-comp ay 14.71, sa mga bantas na may mean na 4.81 sa paunang pagsusulit at mean na 10.62 sa pangwakas na pagsusulit, may difference na 5.81 at ang z-comp ay 19.46, sa palugit at indensiyon ay may mean na 3.24 sa paunang pagsusulit at mean na 7.16 sa pangwakas na pagsusulit, may difference na 3.92 at ang z-comp ay 12.34.

Nalaman sa mga datos na mas mataas ang nakuhang iskor ng eksperimental na grupo sa kanilang pangwakas na pagsusulit na may grand mean na 34.16 kaysa paunang pagsusulit na may grand mean na 16.59, ang difference ay 17.57 at Z-comp iskor na 37.14. Masasabing mayroong makabuluhang pagkakaiba sa antas ng pagkatuto ang mag-aaral ng grupong eksperimental sa pagitan ng kanilang pauna at pangwakas na pagsusulit sa iba't ibang mekanismo ng pagsulat.

Talahanayan 7

Pagkakaiba sa Antas ng Pagkatuto sa Mekanismo ng Pagsulat ng mga Mag-aaral sa Pauna at Pangwakas na Pagsusulit ng Kontroladong Grupo

Mean				
Mekanismo ng Pagsulat	Pauna	Pangwakas	Difference	Z-comp
Pagbabaybay	6.72	7.26	0.54	1.82*
Malaki at Maliit na titik	3.89	6.33	2.43	7.12*
Mga Bantas	4.07	5.24	1.17	4.08*
Palugit at Indensyon	2.63	4.46	1.83	6.43*
Grand Mean	17.30	23.28	5.98	11.50*

Note: *z-tabular @0.05=1.96

Ipinapakita sa talahanayan 7, ang kontroladong grupo sa mekanismo ng pagsulat sa bahaging pagbabaybay ay may mean na 6.72 sa paunang pagsusulit at mean na 7.26 sa pangwakas na pagsusulit, may *difference* na 0.54 at *z-comp* iskor na 1.82 ay nagpapakita na walang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng pagkatuto sa pagitan ng kanilang pauna at pangwakas na pagsusulit. Ito ay nangangahulugang hindi gaanong mataas ang nakuhang iskor ng kontroladong grupo sa kanilang pangwakas na pagsusulit sa mekanismo ng pagsulat na nakatuon sa pagbabaybay gamit ang kinagawiang pagtuturo. Isa sa salik nito ay hindi puspasang naituro at hindi sumailalim ang kontroladong grupo sa pamamagitan ng pagpapayamang gawain o interbensyon sa kasanayang pagsulat. Ibig sabihin, ang mag-aaral sa kontroladong grupo ay nangangailangan ng puspasang remedyasyon sa pagbabaybay ng mga salita at iugnay ng guro ang paggamit ng modyul sa pagtuturo ng pagsulat para magkaroon ng makabuluhang pagkatuto ang mag-aaral hinggil dito.

Dagdag pa ni Gutierrez (2015) mula sa kanyang pag-aaral, napatunayan na ang madalas na pagtetest gamit ang SMS ay isang salik na nakakapagdulot ng kamalian sa ortograpiya at istraktura sa pagsulat ng mga mag-aaral

sa Filipino. Ang Ortograpiyang Filipino ay mga tuntunin sa tamang paggamit ng mga wika, isa na rito ang wastong pagbabaybay.

Nakuha namang magkaroon ng makabuluhang pagkakaiba sa antas ng pagkatuto ng kontroladong grupo sa kanilang pauna at pangwakas na pagsusulit sa bahaging malaki at maliit na may mean na 3.89 sa paunang pagsusulit at mean na 6.34 sa pangwakas na pagsusulit, may *difference* na 2.43 at *z-comp* iskor na 7.12 samantalang sa mga bantas ay may mean na 4.07 sa paunang pagsusulit at mean na 5.24 sa pangwakas na pagsusulit, may *difference* na 1.17 at *z-comp* iskor na 4.08 gayundin sa palugit at indensyon na may mean na 2.63 sa paunang pagsusulit at mean na 4.46, may *difference* na 1.83 at *z-comp* iskor na 6.43. Mula sa ipinakitang kabuuang resulta, makikitang mas mataas ang pangwakas na pagsusulit na may grand mean na 23.38 samantalang ang paunang pagsusulit ay may kabuuang grand mean na 17.30. Ipinapakita sa pauna at pangwakas na pagsusulit ang *difference* na 5.98 at *z-comp* iskor na 11.50. Masasabi na ang kabuuang resulta ay mayroong makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng pauna at pangwakas na pagsusulit sa iskor ng kontroladong grupo sapagkat pawang mas mataas ang nakuhang *mean* ng mag-aaral sa iba't ibang mekanismo ng pagsulat sa pangwakas na pagsusulit kung ihambing sa kanilang paunang pagsusulit.

Makabuluhang Pagkakaiba sa Mean Gain Iskor ng Mag-aaral

Ipinapakita sa talahanayan 13 ang pagkakaiba sa *mean gain* iskor ng mag-aaral sa grupong eksperimental at grupong kontrolado.

Talahanayan 8

Pagkakaiba sa Mean Gain Score ng mga Mag-aaral sa Eksperimental at Kontroladong Grupo

Mean				
Mekanismo ng Pagsulat	Pauna	Pangwakas	Difference	Z-comp
Pagbabaybay	0.54	3.38	2.83	9.74*
Malaki at Maliit na titik	0.78	4.46	3.68	11.17*
Mga Bantas	1.61	5.81	4.20	13.32*
Palugit at Indensyon	1.83	3.92	2.09	6.40*
Grand Mean	5.98	17.57	11.59	22.42*

Note: *z-tabular @0.05=1.96

Batay sa resulta na makikita sa talahanayan 8, makikita na pawang mayroong makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng mean gain iskor ng kontroladong grupo at eksperimental na grupo sa iba't ibang mekanismo ng pagsulat tulad ng pagbabaybay na may mean na 0.54 sa kontroladong grupo at may mean na 3.38 sa eksperimental na grupo, may *difference* na 2.83 at *z-comp* iskor na 9.74 gayundin sa malaki at maliit na titik na may mean na 0.78 sa kontroladong grupo at may mean na 4.46 sa eksperimental na grupo, may *difference* na 3.6 at *z-comp* iskor na 11.17 habang ang resulta naman sa mga bantas ay may mean na 1.61 sa kontroladong grupo at mean na 5.81 sa eksperimental na grupo, may *difference* na 4.20 at *z-comp* iskor na 13.32 samantalang sa palugit at indensiyon ay may mean na 1.83 sa kontroladong grupo at mean na 3.92 sa eksperimental na grupo, may *difference* na 2.09 at *z-comp* iskor na 6.40. Kaya, nagpapakita na mas mataas ang mean gain iskor ng eksperimental na grupo na may grand mean na 17.57 kaysa sa kontroladong grupo na may grand mean na 5.98, may *difference* na 11.59 at *z-comp* iskor na 22.42 antas ng kabuluhan.

Ang analisis sa talahanayan 8 ay mayroong makabuluhang pagkakaiba sa mean gain iskor ng grupong eksperimental at grupong kontrolado. Ngunit, nagpapakita na ang mag-aaral sa eksperimental na grupo ay may malaking *mean gain* iskor na nakuha kung ihambing sa kontroladong grupo. Nangangahulugang, ang mag-aaral sa grupong eksperimental ay mas natuto sa iba't ibang mekanismo ng pagsulat gamit ang modyul kaysa grupong kontrolado gamit ang kinagawiang pagtuturo.

6. Konklusyon at rekomendasyon

Mula sa mga datos at resultang nakalap ay nabuo ang mga sumusunod na konklusyon:

Kakitaan na may malaking pag-angat sa kasanayang pagsulat ang mag-aaral ng grupong eksperimental na

ginamitan ng modyul sa iba't ibang mekanismo ng pagsulat. Ito ay nagpapatunay na mabisa ang ginawang modyul ng mananaliksik bilang pagpapayamang gawain upang mapaunlad ang kasanayang pagsulat ng mag-aaral sa ikapitong baitang ng Koronadal National Comprehensive High School.

Isang katibayan na mahalagang bigyan ng interbensyon ang mag-aaral tungkol sa iba't ibang mekanismo ng pagsulat sapagkat nakitaan na kaunti lamang ang kaalaman nila pagdating sa mekanismo nito lalo na sa pagbabaybay na nagkaroon ng parehong hindi umabot sa ekspektasyon sa pauna at pangwakas na pagsusulit. Malaki ang naging kaibahan sa pagkatuto naman ng grupong kontrolado kung ihambing sa eksperimental na grupo sapagkat kakitaan sa resulta na hindi pa rin umabot sa ekspektasyon ang antas ng kanilang pagkatuto sa pauna at pangwakas na pagsusulit gamit ang kinagawiang pagtuturo.

Ito ay nangangahulugang marapat na mabigyan ng awtentikong kagamitang pampagkatuto ang mag-aaral na nakatuon sa kasanayang pagsulat sapagkat kakitaan na may pangangailangan ang mag-aaral ukol dito at nararapat na matugunan ng mga guro sa pamamagitan ng mga angkop na dulog at pamamaraan ng pagtuturo.

Sa gayon, ang pagiging mapamaraan at malikhain ng guro sa pagbuo at paglalapat ng mga kagamitang pampagtuturo-pampagkatuto gaya ng modyul sa iba't ibang mekanismo ng pagsulat ay masasabing may silbi at makabuluhan sa pagpapaunlad ng akademikong pagkatuto at pagganap ng mag-aaral.

6.1 Rekomendasyon

Batay sa mga inilatag na konklusyon ng pag-aaral ay narito ang mga rekomendasyon: una, iugnay ang paggamit ng modyul bilang pagpapayamang gawain sa pagkatuto ng iba't ibang mekanismo ng pagsulat ng mag-aaral sa ikapitong baitang sapagkat malaki ang naitulong nito sa pagpapaunlad ng kanilang kasanayang pagsulat. Ikalawa, mas paunlarin pa ang pagtuturo sa pagbabaybay at bigyan ng mas mabisang interbensyon ukol dito dahil may kahinaan ang mag-aaral sa bahaging ito ng mekanismo ng pagsulat. Ikatlo, mainam na maituro at maisama sa kompetensi ng K to 12 kurikulum ng ikapitong baitang ang paksa tungkol sa iba't ibang mekanismo ng pagsulat. Panghuli, maging mapamaraan at malikhain ang mga guro sa kanilang pagtuturo ng pagsulat at gamitin ang angkop na kagamitang pampagtuturo upang matugunan ang pangangailangan ng mag-aaral sa kasanayang pagsulat. Gawing batayan ang nabuong pananaliksik para magamit sa iba pang aspeto ng pag-aaral at mapaunlad pa ang pag-aaral hinggil sa kasanayang pagsulat ng mga mag-aaral.

7. Sanggunian

- Albuñan, L., Bartolay, R., Lagos, E., Avila, A. M., Añonuevo, M. J., Bermas, R., (2015). Ang Antas ng Kasanayan sa Pagsulat ng Sulatin ng Dalawang Grupo ng mga Mag-aaral sa Ikapitong Baitang sa Nagpayong High School. Philippine Normal University. Retrieved from <https://www.coursehero.com/u/file/45733129/pananaliksiknapapeldocx/#details> [Accessed: April 2019]
- Alfalagg, A. R. (2020). Impact of teacher-student writing conferences on frequency and accuracy of using cohesive devices in EFL students' writing. *Asian-Pacific Journal of Second and Foreign Language Education*, 5(1), 21. <https://doi.org/10.1186/s40862-020-00104-z>
- Al-Zoubi, S. M. (2014). Effects of enrichment programs on the academic achievement of gifted and talented students. *Journal for the Education of Gifted Young Scientists*, 2(2), 22-27. Retrieved from <https://dergipark.org.tr/en/pub/jegys/issue/37434/432905>
- Cabigao, J. R. (2021). Class Observation Post Conference Framework for Teachers. *learning*, 5(2). https://www.academia.edu/45275213/Class_Observation_Post_Conference_Framework_for_Teachers
- Cabigao, J. R. (2021). Improving the Basic Writing Skills of Grade 7 Learners in Filipino: An Action Research in Filipino Language. *Shanlax International Journal of Education*, 9(3), 67-71. <https://orcid.org/0000-0002-8842-6828>
- Cabigao, J. R. (2021). Pagbuo at Balidasyon ng Isang Mungkahing Modelo ng Rubrik sa Pagmamarka ng Mga Sulatin sa Antas Gradwado. La Consolacion University Philippines (LCUP), City of Malolos, Bulacan

- https://www.researchgate.net/profile/Joey-Cabigao/publication/350888318_Pagbuo_at_Balidasyon_ng_Isang_Mungkahing_Modelong_Rubrik_sa_Pagmamarka_ng_Mga_Sulatin_sa_Antas_Graduwado_Development_and_Validation_of_A_Proposed_Model_Rubric_in_Rating_Written_Outputs_at_the_Graduate/links/607c150d8ea909241e0a193b/Pagbuo-at-Balidasyon-ng-Isang-Mungkahing-Modelong-Rubrik-sa-Pagmamarka-ng-Mga-Sulatin-sa-Antas-Graduwado-Development-and-Validation-of-A-Proposed-Model-Rubric-in-Rating-Written-Outputs-at-the-Graduate.pdf
- Cabigon, J. (2017). Retrieved from <https://www.scribd.com/documents/335777813/PAGBABAYBAY> [Accessed: November 15, 2021]
- DepEd Order 8, s., 2015. Policy Guidelines on Classroom Assessment for the K to 12 Basic Education Program. Retrieved from <https://www.deped.gov.ph/2015/04/01/do-8-s-2015-policy-guidelines-on-classroom-assessment-for-the-k-to-12-basic-education-program/>
- DepEd Order no. 018 s., (2020). Policy Guidelines for the Provision of Learning Resources in the Implementation of the Basic Education Continuity Plan (BE-LCP) Retrieved from https://www.deped.gov.ph/wpcontent/uploads/2019/08/DO_s2019_021.pdf
- Dhanya, M., & Alamelu, C. (2019). Factors influencing the acquisition of writing skills. *International Journal of Innovative Technology and Exploring Engineering*, 8(7), 259-263.
- Durga, S. S., & Rao, C. S. (2018). Developing students' writing skills in English-A process approach. *Journal for Research Scholars and Professionals of English Language Teaching*, 6(2), 1-5. <https://www.scirp.org/reference/referencespapers?referenceid=3026070>
- Gloria, A. R. (2021). Paglinang ng mga Estratehiya sa Pagtuturo ng Wikang Filipino sa Panahon ng Pandemya. Retrieved from https://www.researchgate.net/publication/353443547_Paglinang_ng_mga_Estratehiya_sa_Pagtuturo_ng_Wikang_Filipino_sa_Panahon_ng_Pandemya#fullTextFileContent
- Graham, S., & Harris, K. R. (2016). A path to better writing: Evidence-based practices in the classroom. *The Reading Teacher*, 69(4), 359-365. <https://doi.org/10.1002/trtr.1432>
- Gutierrez, L. M. (2015). Mga Estratehiya sa Pagtuturo ng Pagsulat: Pantulong sa Pagwawasto ng Epekto ng SMS/Text Messaging sa Pagsulat sa Filipino ng mga Mag-aaral sa Ika-7 Baitang ng De La Salle Lipa, Lipa City. Retrieved from https://www.dlsu.edu.ph/wp-content/uploads/pdf/conferences/arts-congressproceedings/2017/p_aper-4-abstract.pdf [Accessed: April 10, 2019]
- Homedan, H. A. A., Baioumy, N., & Annuar, T. B. M. (2021). The Effectiveness of Enrichment Activities Program based on Educational Techniques in Developing Attitudes towards Mathematics among Third Graders in Jordan. *International Journal of Academic Research in Business and Social Sciences*, 11(6), 1403–1417. <http://dx.doi.org/10.6007/IJARBS/v11-i5/9854>
- Homo, C. M. (2017). Lawak ng Kaalaman sa Ortograpiyang Filipino ng mga Guro sa Mataas na Paaralan ng Gubat, Distrito ng Sorsogon. https://www.academia.edu/26942466/LAWAK_NG_KAALAMAN_SA_ORTOGRAPIYANG_FILIPINO_NG_MGA_GURO_SA_MATAAS_NA_PAARALAN_NG_GUBAT_DISTRITO_NG_SORSOGON_CHELO_MANANSALA_HOMO_ISANG_TESIS_NA_INIHARAP_BILANG_BAHAGI_NG_PAG_TUPAD_SA_MGA_KAILANGAN_SA_TITULONG_MASTER_NG_EDUKASYON
- Hoogeveen, M., & van Gelderen, A. (2015). Effects of peer response using genre knowledge on writing quality: A randomized control trial. *The Elementary School Journal*, 116(2), 265–290. <https://doi.org/10.1086/684129>
- KWF Manwal sa Masinop na Pagsulat. (2014): Binagong Gabay sa Ortograpiya ng Wikang Filipino, Edisyon 2013. Retrieved from https://kwf.gov.ph/wp-content/uploads/MMP_Full.pdf
- Maestro, V. R., (2019). Retrieved from <https://philnews.ph/2019/07/19/halimbawa-ng-talata> [Accessed: July 10, 2021]
- Oktavia, Yunisa; Atmazaki; Zaim, M. (2020). Development of discovery guided learning module based on character education and competitive education. Universitas Putera Batam & Universitas Negeri Padang, Indonesia. 10.1088/1742-6596/1511/1/012044

- Ortiz, A. A. (2017). Mga Suliranin ng mga Mag-aaral sa Ikawalong Baitang sa Pagsulat ng Sanaysay na Sulatin Taong Pang-Akademiko 2016-2017. Retrieved from <https://pdfcoffee.com/actionresearchsasulatin2016-2017finalpdf-pdf-free.html>
- Padua (2019). Ang Pagsulat ng Talata. Philippine Normal University. Retrieved from https://www.coursehero.com/u/file/777276_02/Ang-Pagsulat-ng-Talatapptx/?justUnlocked=1#details [Accessed: December 18, 2021]
- Sala, C. V., (2018). Kasanayang Panggramatika na Napapaloob sa Pang-akademikong Porfolio ng mga Mag-aaral. Retrieved from <https://www.coursehero.com/file/62710741/Preliminary-Pagesdocx/>
- Sandoval, M.A S., Semorlan, T. P., (2015). Paghahanda ng Instruksyunal na mga Kagamitan Salik sa Mahusay na Pagtuturo at Mabisang Pagkatuto. Departamento ng Filipino at Ibang Wika. Kolehiyo ng Sining at Agham Panlipunan. MSU-Iligan Institute of Technology. Retrieved from https://www.researchgate.net/profile/Mary_Ann_Sandoval/publication/322976963_e-Komunikasyon_sa_Inobatibong_Pagtuturo/links/5d58bc4f45851545af4c1c9c/e-Komunikasyon-sa-Inobatibong-Pagtuturo.pdf
- Sombrero, J. D., (2021). Kabisaan ng Modyular na Nagtuturo ng Wika at Panitikan sa Panahon ng Pandemya. Retrieved from https://www.researchgate.net/publication/356893492_Kabisaan_ng_Modyular_na_Nagtuturo_ng_Wika_at_Panitikan_sa_Panahon_ng_Pandemya
- Van Dijk, C. N., Van Witteloostuijn, M., Vasić, N., Avrutin, S., & Blom, E. (2016). The influence of texting language on grammar and executive functions in primary school children. *PLoS one*, *11*(3), e0152409. <https://doi.org/10.1371/journal.pone.0152409>
- Wale, B. D., & Bogale, Y. N. (2021). Using inquiry-based writing instruction to develop students' academic writing skills. *Asian-Pacific Journal of Second and Foreign Language Education*, *6*, 1-16. <https://doi.org/10.1186/s40862-020-0010>